
3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagbibigay ng Wastong Wakas ng Kuwento sa mga Naobserbahang Pangyayari sa Pamayanan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Filipino 3_ Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan– Modyul 3: Pagbibigay ng Wastong Wakas ng Kuwento sa mga Naobserbahang Pangyayari sa Pamayanan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi saan o mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas". Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mgaito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan ang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuosa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lorie Ann D. Barrios

**Editor:** Lorna C. Ragos, Cristy S. Agudera

**Tagasuri:** Zimrose R. Pedrera, Markfil Tagsip, Salimar M. Mijares
Christopher U. Gonzales

**Tagawasto:** April T. Delos Santos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Charlie Tocmo, Maria Lyn G. Tagal

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Josephine L. Fadul, Mary Jeanne B. Aldeguer, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagbibigay ng Wastong Wakas ng Kuwento sa mga Naobserbahang Pangyayari sa Pamayanan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Sa araling ito, muli nating susukatin ang iyong kakayahan sa pakikinig ng mga kuwento. Natutuhan mo na sa unang markahan ang mga elementong bumubuo sa isang kuwento. Kaya daragdagan natin iyan sa bahaging ito sa pamamagitan ng iba't ibang mga gawain, paglalaro, paghuhula at higit sa lahat pag-aaral.

Sa modyul na ito, pag-aaralan natin kung paanong magbigay ng wastong wakas sa mga naobserbahang pangyayari sa pamayanan. Basahin mong mabuti ang panuto sa bawat bahagi at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahan na ikaw ay:

- Nakapagbibigay ng wakas sa binasang kuwento (F3PB-IIi-14)
- Naiuulat ang mga naobserbahang pangyayari sa pamayanan (F3PS-Ii-3.1

## Subukin

Pakinggan ang mga talata na babasahin ng iyong kapamilya. Pagkatapos mapakinggan ang talata, bigyan ng angkop na wakas ang kuwento. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Matapat na bata si Evelyn. Minsan may nakaiwan ng kaniyang pitaka sa upuan niya. Mabuti na lang at kilala niya kung sino ang may-ari nito.

Ano kaya ang gagawin niya?

a. Isasauli sa may-ari ang pitaka.

b. Itatago ang pitaka sa kaniyang kuwarto.

c. Kukuha ng pera sa pitaka at itatapon niya sa kalsada.

2. Mahilig kumain ng tsokolate si Aliya. Palagi siyang pinasasalubungan ng tsokolate ng kaniyang Tatay tuwing galing siya sa trabaho. Ngunit, sinasabihan naman siya na huwag marami ang kaniyang kakainin. Minsan, pagkatapos maghapunan dumating ang kaniyang Tatay na may dalang maraming tsokolate. Dahil sa katuwaan naparami ang kain niya nito. Ano kaya ang puwedeng mangyari sa kaniya?

a. Masaya si Aliya.

b. Mahimbing ang kaniyang tulog.

c. Di-nakatulog at iyak nang iyak dahil sumakit ang kaniyang ngipin.

3. Sabado ng umaga, maagang gumising ang magkapatid na Kc at Kia. Agad silang kumuha ng walis tingting at nagwalis sa kanilang bakuran.

a. Nagalit ang kanilang ina.

b. Pinaalis sila ng kanilang ina.

c. Tuwang-tuwa ang kanilang ina sa kanilang ginawa.

4. Nagluluto si Nanay ng adobong manok sa kusina. Napansin niyang kulang pala ang kaniyang sangkap sa pagluluto. Tinawag niya si Arnel upang bumili ng toyo at paminta. Papunta na ng tindahan si Arnel nang bigla siyang tinawag ng kaniyang kaibigan upang maglaro ng bisikleta. Masayang naglalaro si Arnel ng bisikleta.

a. Masaya ang kaniyang inay dahil hindi nakabili si Arnel.

b. Nagluto si Inay ng adobo.

c. Nakalimutan na niya ang inutos nito. Pag-uwi niya pinagalitan siya ng kaniyang inay.

5. Biyernes ng gabi, naglalaro si Alexis ng Mobile Legends. Nakalimutan na niyang kumain dahil sa nasisiyahan na siya sa paglalaro hanggang sa siya ay nakatulog.

a. Masaya siya dahil hindi siya nakakain kagabi.

b. Pinagalitan siya ng kaniyang inay.

c. Kinaumagahan ay biglang sumakit ang kaniyang tiyan.

# Aralin 1 Pagbibigay ng Wastong Wakas ng Kuwento sa mga Naobserbahang Pangyayari sa Pamayanan

## *Balikan*

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya. Pagkatapos ay bigyan ng wakas ang kuwentong napakinggan. Isulat sa notebook ang iyong sagot.

Ang Batang Matulungin
ni: Lorie Ann D. Barrios

Si Alisa ay nagmamadaling lumabas sa paaralan upang umuwi. Pagagalitan siya ng ina kapag mahuli siya sa pag-uwi. Habang naghihintay siya ng sasakyan may lumabas na mag-ina sa paaralan. Sa unang tingin pa lang niya, kitang-kita na masama ang pakiramdam ng bata. Tumayo ang mga ito sa tabi upang mag-abang rin ng sasakyan. Namimilipit sa sakit ng tiyan ang bata.

May dumating na sasakyan. Alam niyang kailangan niyang makauwi agad. Subalit naaawa siya sa bata. Alam niyang mas kailangan ng mag-ina na makasakay agad. Ipinaubaya na lng niya ang pagsakay sa sasakyan sa kanila. Nagpasalamat ang ina ng bata. Naghintay muli si Alisa ng susunod na sasakyan na masaya dahil nakatulong siya sa kapwa kahit sa munting paraan. Ano kaya ang magiging wakas ng kuwento?

## *Tuklasin*

Pagsasanay 1

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya. Pagkatapos mapakinggan ang teksto, sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

### Ang Mga Batang Mapagbigay

Si Danica at ang kaniyang kapatid ay mga batang masigasig sap ag-aaral. Pagkatapos nilang kumain ng agahan ay dali-dali na silang aalis papuntang paaralan. Sa kaniyang paglalakad kasama ang kaniyang kapatid, may nakita silang malaking bunga ng mangga. “Halika kunin natin iyon, ang sarap kainin!”, wika ni Danica sa kaniyang kapatid.

Pagdating nila sa paaralan ay nakita sila ng kanilang kaklaseng sina Anna at Cristine na may dalang mangga. “Pahingi ng mangga”, sabi ng kanilang kaklase. “Mayroon akong keyk. Gusto niyo ba ito?”, tanong ng kanilang kaklase. “Oo, gusto namin ng keyk. Palitan na lang tayo ng pagkain”, sagot ni Danica.

“Sige ba”, sabi ng kanilang kaklase. “Maraming salamat sa inyo kaklase, ang sarap naman nitong keyk ninyo”’ muling sambit ni Danica. “Walang anuman Danica. Tara, pasok na tayo sa klasrum baka mag-umpisa na ang klase natin”, pagtatapos ng kanilang kaklase.

1. Sino ang batang may kapatid na masigasig mag-aral?
   a. Carlo  b. Danica  c. Lisa

2. Anong prutas ang nakita nila sa kanilang paglalakad?
   a. Mangga  b. mansanas  c. duryan

3. Sino-sino ang kanilang kaklase na may dalang keyk?
   a. Riza at Rita  b. Anna at Lisa  c. Anna at Cristine

4. Nagpalitan ba ng pagkain ang magkakaklase? Ano ang ipinakitang magandang kaugalian nila?
   a. Oo, Mapagbigay  b. Hindi, Sakim  c. Oo, Mabait

5. Ano kaya ang maging wakas ng kuwento?
   a. Naging magka – away silang magkaklase.
   b. Naging matalik silang magkaibigan.
   c. Palagi silang lumiliban sa klase.

Pagsasanay 2

Panuto: Tingnan ang larawan sa ibaba. Subuking sagutin ang mga tanong.


1. Tungkol saan ang larawan? Ano ang napansin mo rito?

2. Sino-sino kaya ang kasangkot?

3. Tuwing kailan ito nagaganap?

4. Ano kaya ang nais nitong sabihin?

5. Patuloy pa bang nangyayari ito? Patunayan.





## Suriin

Naranasan mo na bang makipagkuwentuhan? Tuwing nakikipagkuwentuhan tayo gumagana ang iba't iba nating pandama dahil naibibigay natin ang wakas ng kuwentong naobserbahang mga pangyayaring sa pamayanan. Alam mo ba na tuwing nagkukuwentuhan ka gumagana ang iyong imahinasyon dahil ikukuwento mo sa iyong kausap ang mga bawat detalye nito?

May dalawang kasali sa kuwentuhan, ang nagkukuwento at nakikinig. Kung ikaw ang nagkukuwento may sarili kang wakas tulad ng mga kuwentong nabasa o napakinggan mo. Magandang kasanayan kung susubukin nating magbigay ng wakas sa mga naobserbahang pangyayari sa pamayanan.

Kung ikaw naman ang nakikinig, kasabay sa paggana ng iyong imahinasyon ang paggana ng iyong pandama. Kinakabahan, natutuwa, at minsan pa nga nagkakandabuhol buhol pa ang mga nais mong sabihin sa nagkukuwento sa iyo.

Tandaan sa pagbibigay ng wakas:

- ✓ Susubukin nito ang imahinasyon ng nakikinig at nagkukuwento.
- ✓ Maaaring gumamit ng mga panghalip para mas mapaikli ang ideya.
- ✓ Respetohin ang nagkukuwento.

## *Pagyamanin*

Pagsasanay 1

Ibigay ang maaring wakas ng kuwento.

1. Nakatira sa kabilang ibayong ilog si Alberto. Malakas ang ulan nang araw na iyon ngunit kailangan niyang pumasok. May pagsusulit kasi sila. Dalawa ang daan patungo sa paaralan. Ang pagtawid sa ilog ang malapit na daan at ang pagtawid sa tulay ay malayo. Lumakad na si Alberto. Kaya

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   _____________________________________________________________.

2. Galing sa paaralan si Alexander. Pagdating niya sa bahay ay dali-dali niyang inilagay ang kanyang gamit sa kuwarto at nagbihis ng damit pambahay. Pagkatapos niyang magbihis ay tinawag siya ng kanyang ina upang magmiryenda. May pagsusulit sa Filipino na ibibigay sa kanila ang kanilang guro bukas.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   _____________________________________________________________.

## Pagsasanay 2

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Pagkatapos ay sagutin mo ang sumusunod na tanong.

Ang Alkansya ni Arturo

Mahirap lamang ang pamilya ni Arturo. Ang ama niyang si Mang Delfin ay isang magsasaka subalit walang sariling lupa. Inuupahan lamang nito ang tinatamnan ng palay. Ang ina naman niyang si Aling Pacing ay simpleng maybahay lamang. Sampung taon na si Arturo. Siya ang panganay sa kanilang apat na magkakapatid. Sa pasukan ay nasa ika-apat na baitang na siya ng mababang paaralan.

Kapag ganitong bakasyon ay sinasamantala ni Arturo ang pagkakataon. Gumagawa siya ng alkansiyang kawayan. Panahon ng pamumunga ng bungangkahoy sa kanilang bakuran, dahil maluwang ang kanilang bakuran ay maraming punong namumunga. Pinipitas nila ng kaniyang inay ang mga bunga at itinitinda iyon sa palengke.

Mabili ang kanilang mga tindang prutas. Kapag nakaubos sila sa paninda ay agad siyang binigyan ng pera sa kaniyang inay. "Salamat po, Inay. Mayroon na naman akong panghulog sa aking alkansiya." Masayang sabi ni Boyet. Hayaan mo anak, bago siguro maubos ang mga bunga ng ating mga puno ay mapupuno na ang alkansiya mo," sabi ng kanyang inay. Napuno na ang alkansiya ni Boyet. Masipag kasi siyang mag-ipon.

Nang malapit na ang pasukan ay nagkaroon ng malakas na bagyo at nasira ang mga tanim na palay ng tatay ni Arturo. Kakaunti lang ang kanilang inani. Nagkautang ang kanyang tatay. Nag-alala naman ang inay ni Boyet. Malapit na ang pasukan at nawala ang inaasahan nilang panggagalingan ng pera. "Baka hindi ka makapag-aral ngayong taong ito, anak," malungkot na sabi ng kaniyang inay." "Makapag-aaral po ako, inay. Puno na po

ang alkansiya ko. Ito ang gagamitin ko sa aking pag-aaral," nakangiting sabi ni Arturo.

Nakapag-aral si Arturo ng pasukang iyon. Salamat at naisipan niyang mag-impok para sa darating na pangangailangan.

Panuto: Basahin ang mga tanong. Isulat sa kuwaderno o sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Sino ang bata sa kuwento?
   a. Bitoy
   b. Arturo
   c. Jose

2. Ano ang hanapbuhay ng kaniyang ama?
   a. Magsasaka
   b. Abogado
   c. Doctor

3. Ilang taong gulang na si Arturo?
   a. Labindalawa
   b. Sampu
   c. Walo

4. Saan sila nagtitinda ng mga prutas?
   a. sa mall
   b. sa kalye
   c. sa palengke

5. Anong katangian ang ipinakita ni Arturo sa kuwento?
   a. matipid na bata
   b. tamad na bata
   c. palalaro na bata

# Isaisip

Sa pagkukuwento, kailangan maging wasto at sapat ang mga naobserbahang mga pangyayari sa pamayanan upang madali at wasto ang maibigay na wakas nito. Magandang kasanayan rin ang panghuhula sa maaaring maging wakas ng kuwento sa naobserbahang pangyayari sa pamayanan para mapalawak ang ating imahinasyon at pagiging malikhain.

# Isagawa

## Gawain 1

Bigyan ng angkop na wakas ang kuwento at isulat sa iyong sagutang papel ang sagot.



Isang umaga, naglalakad sa daan si Mang Ruben papunta sa kaniyang pinagtatrabahuan. Sa kaniyang paglalakad ay may napansin siyang isang pitaka sa daan. Pinulot niya ito kaagad.

## Pagsasanay 2




# *Tayahin*

Pagsasanay 1

Pakinggan ang balita na babasahin ng iyong kapamilya o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.

Isang nakahahawang sakit ang ikinumpirma na kumakalat sa lungsod ng Maynila noong Enero 30, 2020. Kinikilala ang sakit na itona COVID-19, isang sakit na puwedeng makuha ng tao sa pamamagitan ng pagsagap ng mga maliit na talsik ng laway mula sa pagsasalita, pagbahing at pag-ubo ng taong may COVID-19.

Dahil sa mabilis na pagkalat ng sakit na ito, ang ating bansa ay dumadaranas ng pandemya ngayon. Marami sa mga tao, estabilisasyon, negosyo at maging edukasyon ang naapektuhan dito. Talamak patuloy na gumagawa ng paraan ang ating gobyerno kung paano ito masusugpuan.

Taliwalas sa pandemyang ating kinakaharap, minabuti na tayo ay mag-ingat upang makaiwas dito. Dapat sundin ang mga health protocols at iwasan ang palaging paglabas ng ating bahay. Mainam din na tayo ay magpabukana upang hindi mahawa sa sakit na ito.

Mula rito sa lungsod ng Maynila muli, ako si Toni Patrol, hanggang sa muli kong pag-uulat.

Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang nakahahawang sakit na kumakalat sa ating bansa ngayon?

   a. Hepatitis
   b. Covid-19
   c. Pneumonia

2. Saang lugar ito unang kumalat?

   a. Maynila
   b. Leyte
   c. Davao

3. Kailan ito kumalat sa ating bansa?



   a. Enero 30,2019
   b. Enero 30, 2020
   c. Enero 30, 2021

4. Paano nakaapekto ang Covid-19 sa ating bansa?
    a. Naapektuhan ang edukasyon ng mga kabataan.
    b. Marami ang nawalan ng trabaho.
    c.Lahat ng nabanggit.


5. Ano kaya ang ang maaaring mangyari sa atin kung hindi natin sundin ang mga health protocol?
    a. Maaring mahawaan tayo ng Covid-19.
    b. Maging masay tayo.
    c. Yayaman tayo.

Pagsasanay 2

Panuto: Pagtambalin ang mga pangyayaring naganap sa ating bansa na nasa hanay A sa mga larawang nasa hanay B. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

| A | B |
| --- | --- |
| 1. Pagputok ng bulkan | a.  |
| 2. Banggaan ng sasakyan sa daan | b.  |
| 3. Pag – aalaga ng mga frontliners sa mga pasyente ng Covid 19 | c.  |
| 4. Isang malaking sunog sa lungsod | d.  |

5. Paghahanda sa bagyo e. 



## *Karagdagang Gawain*

Babasahin ng iyong kapamilya ang isang teksto, pakinggan mong mabuti ito. Pagkatapos ay bigyan mo ng maaaring wakas nito. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

**Pagsabog ng Bulkang Taal**

Noong ika-12 ng Enero 2020, pumutok ang bulkang Taal sa Batangas na tumagal ng apat na oras. Ang nangyaring pagsabog ay nakaapekto sa mga taong naninirahan sa nasabing lugar. Ang resulta nito ay nag-dulot ng pag-suspendido ng mga klase sa paaralan at trabaho gayundin ang pagpapahinto ng operasyon ng mga paliparan.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1. a
2. c
3. c
4. c
5. c

**Balikan**

Iba- iba ang sagot.

**Tuklasin**

Pag 1
1. b
2. a
3. c
4. a
5. b

**Tuklasin**

Pag 2
1. bayanihan
2. mga tao
3. kung maglilipat ng bahay
4. pagtutulungan
5. oo

**Pagyamanin**

Pag 1

Iba- iba ang sagot.

**Pagyamanin**

Pag 2

1. b
2. a
3. b
4. c
5. a

**Isagawa**

Iba- iba ang sagot.

**Tayahin**

Pag

1. b
2. a
3. b
4. c
5. a

**Tayahin**

Pag 2

1. c
2. d
3. c
4. b
5. a

**Karagdagang Gawain**

Iba- iba ang sagot.

# *Sanggunian*

Barrios, Lorie Ann D. (2019).

Department of Education Curriculum and Instruction Strand 2020, P 45-66

K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum sa Filipino. Department of Education 2016, 150-153

**Para samgakatanungan o puna, sumulat o tumawagsa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph